

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Agosto 26, 2025
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Ginarawan ng Distrito ng Hangin ng \$13.3 milyon ang SamTrans para sa pag-install ng bagong walang emission na imprastraktura para sa pag-charge ng bus

SAN FRANCISCO – Nag-annuncio ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ng \$13.3 milyong gawad sa Distrito ng Pagbiyahe ng County ng San Mateo para sa pag-install ng bagong may mataas na kapasidad na imprastraktura para sa pag-charge ng bus sa pasilidad nito sa San Carlos. Tutulong ang [proyektong ito ng SamTrans](#) na mapabilis ang paglipat ng mga bus SamTrans sa walang emission na teknolohiya at pabutihin ang kalidad ng hangin sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin.

Nagmumula ang pagpopondo para sa proyekto sa Programang Carl Moyer ng Lupon ng Mga Pinagmumulan ng Hangin ng California na nagbibigay ng mga pinansiyal na insentibo upang palitan o i-upgrade ang mga heavy-duty na sasakyan at kagamitan upang mabawasan ang mga mapaminsalang emission. Lokal na pinapangasiwaan ng Distrito ng Hangin ang programa.

“Mahalaga ang walang emission na pampublikong sasakyan upang protektahan ang kalidad ng hangin at tugunan ang mga layunin sa malinis na hangin ng Bay Area,” sabi ni Arsenio Mataka, ang deputy na tagapagpaganap na opisyal ng Mga Programa sa Pagkakapantay-pantay at Komunidad sa Distrito ng Hangin. “Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa modernong imprastraktura para sa pag-charge, tinutulungan namin ang mga residente ng Bay Area na makarating sa kung saan nila kailangang pumunta sa pinakamalinis na paraan na posible.”

Kasama sa proyekto ng SamTrans ang pagbili at pag-install ng 37 overhead pantograph charger na may kakayahang maghatid ng kabuuang 1.7 megawatts ng kuryente sa dumaraming electric bus ng ahensya. Matatagpuan ang mga charger sa bakuran ng mga bus ng SamTrans South Base sa San Carlos na nagsisilbi sa mga ruta na napapakinabangan ng mga mahirap at mababang kitang komunidad sa buong County ng San Mateo.

“Ipinapakita nitong malaking \$13.3 milyong puhunan mula sa Distrito ng Hangin ng Bay Area ang pangako ng ating rehiyon para sa mas malinis na hangin, mas malulusog na komunidad, at walang emission na hinaharap,” sabi ni April Chan, general manager at punong tagapagpaganap na opisyal sa SamTrans. “Sa pamamagitan ng pagtatayo ng imprastraktura na kailangan upang suportahan ang aming mga battery electric bus, gumagawa ang SamTrans ng

isang malaking hakbang patungo sa paghahatid ng walang emission na serbisyo ng bus sa buong County ng San Mateo sa mga darating na dekada.”

Inaasahang matatapos ang proyektong sa Oktubre 2027 at direktang makakabawas sa mga emission ng nitrogen oxide, particulate matter, at iba pang pollutant na nauugnay sa hika, sakit sa puso, at iba pang malubhang epekto sa kalusugan.

Isang boluntaryong programa ng gawad ang Programang Carl Moyer na nagpondo ng higit sa \$1 bilyon sa mga proyekto sa buong estado mula noong 1998 na nag-aalis ng libo-libong toneladang mapaminsalang emission sa hangin sa California.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Programang Carl Moyer at iba pang pagkakataon ng gawad sa Distrito ng Hangin, bisitahin ang webpage na [Mag-apply para sa Pagpopondo](#) ng Distrito ng Hangin.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable sa pagpoprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam-na-county na Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [X](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)